# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 65*

*Ang Sulat ni Jesus sa Simbahan ng Laodecia Yugto 1*

***''14 At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios : 15 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit. 16 Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig. 17 Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba at maralita at dukha at bulag at hubad: 8 Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman: at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita. 19 Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan: ikaw nga'y magsikap, at magsisi. 20 Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo ko. 21 Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan. 22 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.***

***''14 At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios:" (Pahayag 3:14 KJV)*** Narito ang Panginoon ay nagsasalita sa ika-pitong simbahan, ang simbahan ng Laodecia. Sa simbahang ito gaya ng ating babasahin ay walang positibo o malakas na punto sa simbahang ito kundi mga kahinaan at negatibong bagay sa kanilang mga katangian at pag-uugali. Ang isa sa nagtanim ng simbahang ito ay marahil ay si Apostol Pablo sa pamamagitan ng Simbahang Epeso nang si Pablo ay nanatili sa dakong ito ng dalawang taon gaya ng mababasa natin, ***"10 At ito'y tumagal sa loob ng dalawang taon; ano pa't ang lahat ng mga nagsisitahan sa Asia ay nangakarinig ng salita ng Panginoon, ang mga Judio at gayon din ang mga Griego." (Mga Gawa 19:10 KJV)*** na ang lahat ng mga Judio at Griyego na nananahan sa Asya ay narinig nila ang evangelio at Salita ng Dios. Ang ibang posibilidad ng kung sino ang nagtanim ng simbahan ng Laodecia, isang lingkod ng Dios na tinatawag na Epafras na mababasa natin ang tungkol sa kanya dito: ***"12 Binabati kayo ni Epafras, na isa sa inyo, na lingkod ni Cristo Jesus, na siyang laging nagsisikap dahil sa inyo sa kaniyang pananalangin, upang kayo'y magsitatag na mga sakdal at lubos na tiwasay sa lahat na kalooban ng Dios. 13 Sapagka't siya'y binibigyan kong patotoo na siya'y totoong nagpapagal sa inyo, at sa nangasa Laodicea, at sa nangasa Hierapolis." (Colosas 4:12-13 KJV)*** Ang lingkod na ito ng Dios, si Epafras, ay nakipagabak para sa tatlong simbahan sa Colosas, sa Laodecia at sa Hierapolis; siya ay nakikipagbaka para sa kanila sa pananalangin upang manindigan, upang maging sakdal at buoin ang lahat ng kalooban ng Dios. Nang siya'y nanalangin sa kanila sa direksyong iyon upang maging sakdal at ganapin ang kalooban ng Dios ibig sabihin sila'y hindi sakdal o ganap sa lahat ng kalooban ng Dios sa tatlong simbahang ito. Hindi nila lubos na sinusunod ang kalooban ng Dios at dahil doon ay nalagay sa maling espirituwal na sitwasyon ang simbahan.. Yaong gumagawa ng kanilang sariling kalooban, ay ginagawang walang bisa ang mensahe. Ang espirituwal na kalagayang iyon ng espirituwal sa pamumuhay sa pagsalungat sa kalooban ng Dios, ay ginagawang walang bisa ang pag-eevangelio. Nasabi natin na ang simbahan ay isang kandelero at ang Panginoon ay kumikilos sa mga simbahan, sa pitong kandelero, at sa isa at bawat isang simbahan ay dapat magdala ng liwanag ni Jesus sa sanglibutang nakapalibot, sa pangangaral sa ididekta ng Salita ni Cristo sa simbahan upang ipangaral at ipamuhay.

Ang Salita ni Cristo ay hamon sa atin upang ipangaral ang Kanyang Salita ng walang pakikipagkomproiso at walang pagkiling. Kung babasahin natin ang talata 16 mula ***Colosas 4, "At pagkabasa ng sulat na ito sa inyo, ay ipabasa naman ninyo sa iglesia ng mga taga Laodicea; at basahin naman ninyo ang sulat na mula sa Laodicea." (Colosas 4:16)*** Makikita natin na ang sulat na ipinadala sa Colosas sinabihan sila na basahin sa simbahan ng Laodecia, at parang si Epafras ay marahil siya ang tumulong kay Pablo upang itanim ang simbahang ito at sa gayo'y tulungan siya na pasakldalin ang simbahan at sa mga kapatid. Sa ***Colosas 4:16***, sinabi ni Pablo na ang kanyang sulat sa mga taga- Colosas ay basahin sa simbahan ng Laodecia at ang kanyang sulat sa Laodicia, na iniisip ng ilan ay ito ay kanyang sulat sa taga-Epeso, upang basahin sa taga-Colosas. Kaya si Pablo ay nagpadala ng dalawang sulat sa simbahang ito upang ituwid sila at ilagay sila sa sakdal na kalooban ng Dios. Gayundin si Cristo sa Kanyang sulat sa simbahan sa pamamagitan ni Apostol Juan. Hinahamon niya ang simbahan na magbago at maging sakdal. Ang mga aral na tinangap natin mula sa Panginoon hinahamon tayo nito upang magbago at ituwid upang maging sakdal.

"***Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa,"*** ito'y pinagtibay sa kanila na ang mensahe na dumating sa kanila mula kay Cristo mismo, na sa lahat ng Kanyang Salita at mga pangako ay oo at Amen ay si JesuCristo na ating Panginoon. Sinabi ni Pablo sa mga taga-Corinto: ***"18 Nguni't palibhasa'y ang Dios ay tapat, ang aming salita sa inyo ay di oo at hindi. 19 Sapagka't ang Anak ng Dios, si Jesucristo, na ipinangaral namin sa inyo, ako at si Silvano at si Timoteo, hindi naging oo at hindi, kundi sa kaniya ay naging oo. 20 Sapagka't maging gaano man ang mga pangako ng Dios, ay nasa kaniya ang oo: kaya nga naman na sa kaniya ang Siya Nawa***

***sa ikaluluwalhati ng Dios sa pamamagitan namin." (2 Corinto 1:18-20 KJV)*** Si Jesus ay tapat sa lahat ng Kanyang mga pakikiharap, at nais ng Dios sa atin na maging katulad ni Jesus, tapat, oo at Amen sa lahat ng ating mga pakikiharap, paglakad sa Salita ng Dios at sa Kanyang mga pangako sa Bibliya. Si Cristo sa pgpapakila sa Kanyang sarili sa mga taga-Laodicea bilang Amen, sinasabi Niya sa kanila na kailangan nilang maging tapat at magpakatotoong mga tao. Ang ibig sabihin ng Amen dito ay tapat din. Kailangan ni Jesus sa atin na magpakatotoo at tapat na bayan upang paglingkuran Siya.

Ipinakilala pa ni Jesus ang Kanyang sarili gaya ng mga sumusunod:

A. ***"ang saksing tapat:*** Siya ang pinaka tapat sa bahay ng Dios, ***"1 Kaya, mga banal na kapatid, mga may bahagi sa pagtawag ng kalangitan, inyong isipin ang Apostol at Dakilang Saserdote na ating kinikilala, si Jesus; 2 Na siya'y tapat sa naglagay sa kaniya na gaya rin naman ni Moises sa buong sangbahayan niya, 3 Sapagka't siya ay inaring may karapatan sa lalong kaluwalhatian kay sa kay Moises, palibhasa'y may lalong karangalan kay sa bahay yaong nagtayo ng bahay. 4 Sapagka't ang bawa't bahay ay may nagtayo; datapuwa't ang nagtayo ng lahat ng mga bagay ay ang Dios. 5 At sa katotohanang si Moises ay tapat sa buong sangbahayan niya gaya ng lingkod, na pinakapatotoo sa mga bagay na sasabihin pagkatapos; 6 Datapuwa't si Cristo, gaya ng anak ay puno sa bahay niya; na ang bahay niya ay tayo, kung ating ingatang matibay ang ating pagkakatiwala at pagmamapuri sa pagasa natin hanggang sa katapusan." (Hebreo 3:1-6 KJV)*** Ang katapatan ay dapat nakatuwid sa Dios, sa pananalangin, sa pagbabasa ng Bibliya at pagsunod sa mga utos ng Dios: Ang katapatan sa Kanyang Salita ay tumalima at sumunod sa Kanyang Salita: Ang katapatan kay Crsito ay ingatan ang ating pangako sa mga tagubilin ni Cristo: Ang katapatan sa ating pamilya sa ating mga asa- asawa at sa mga anak at sa ating mga magulang upang ibigay at makatulong sa kapakanan ng pamilya at ng ating sangbahayan. Ang katapatan sa simbahan at sa ating mga ministerio upang maging tapat sa tawag ng Dios sa ating buhay at upang maging may pananagutan na gawin at itayo ang ministerio at makipagtulungan sa Dios, ang Banal na Espiritu, ang poprotekta sa ating simbahan at sa ministeriong ibinigay sa atin, at ang katapatan sa bansa at sa hindi mananampalataya na namumuhay na nakapalibot sa atin ay mamuhay bilang isang mabuting halimbawa sa kanila, pinagyayaman ang bunga ng Banal na Espiritu; pagibig, kapayapaan, kagalakan, kaamuhan, kabutuhan, kahinahunan, pagtitiis, pagpipigil sa sarili, mahabang pagtitiis, mapagbigay at kababaang-loob, na makita ng mga tao si Cristo sa ating pamumuhay, at maging handa na ipangaral ang evangelio sa kanila, na ipanalangin sila upang maligtas, na manalangin na sagutin ng Dios ang kanilang mga panalangin at ang ating mga panalangin para sa kanila upang malaman nila ang totoong Dios, at ang Dios ang gagawa ng kamangha-mangha mga himala sa kanilang buhay upang malaman na Siya lamang ang totoong Dios at tayo ay ang Kanyang mga lingkod.

B. ***"at totoo,"*** Si Cristo ay totoong saksi sa Dios at sa Kanyang Salita. Tunay Niyang ipinamuhay ang Kanyang buhay na saksi sa Dios, at sa mga tao sa pamamagitan Niya ay makikilala ang Dios at malaman ang Kanyang kalooban at kung ano ang kailangan Niya mula sa kanila. Si Jesus ay bumaba mula sa Langit upang ipahayag Niya ang Dios sa anyong tao: ***"Walang taong nakakita kailan man sa Dios; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya." (Juan 1:18 KJV)*** Tayo sa parehong paraan kailangan nating maging tunay na mga saksi ni Cristo, at sa pamamagitan ng ating buhay makikilala ng mga tao kung sino ang totoong Dios.

C. ***"ang pasimula ng paglalang ng Dios:*** Hindi sa pasimula ng paglalang na ginawa ng Dios, kundi ang unang layuin ng lahat ng paglalang, dahil nilalang ni Jesus ang lahat ng bagay gaya ng mababasa natin dito, ***"15 Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, ang panganay ng lahat ng mga nilalang; 16 Sapagka't sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan at sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita at ang mga bagay na di nakikita, maging mga luklukan o mga pagsakop o mga pamunuan o mga kapangyarihan; lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya at ukol sa kaniya; 17 At siya'y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya." (Colosas 1:15-17 KJV)*** Dito ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili ay Dios, sa simbahang ito, Isa sa hindi sakdal na bagay sa mga simbahang iyon ng Laodecia, Colosas at Hierpolis, sila'y walang pananampalataya na si Jesus ay Dios. Kaya dito ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili na Dios ang Naglalang. Maniwala ngayon na si Jesus ay Dios.

***"15 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit." (Pahayag 3:15 KJV)*** Sinabi ni Jesus sa kanila, "***Nalalaman ko ang iyong mga gawa,"*** Batid ni Jesus ang gawa ng lahat, at pagkatapos sabihin iyon pinuna Niya sila na sila'y hindi malamig o mainit, ibig sabihin na ang kanilang mga gawa ay hindi mabubuting gawa. Maaring sila'y gumagawa ng maraming mga gawa ngunit ang mga iyon ay hindi mabubuting gawa, ang sakdal at ganap na gawa na inaasahan ni Jesus na makita sa kanilang buhay. Sinasabi dito ng Panginoon sa simbahan "***na ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang ikaw ay malamig o mainit."*** At inulit niya ang pahayag na ito sa susunod na talata,

***"16 Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig." (Pahayag 3:16 KJV)*** Mula sa salaysay na ipinahayag sa atin na ang tubig na nagmumula sa balon ng bayan ng Colosas ay malamig, at ang malamig na tubig ay nakakaginhawa sa panahon ng tag-init. Habang ang tubig sa Hierapolis ay mainit at batid natin na ang mainit na tubig sa taglamig ay nakakaginhawa kapag uminom ka ng mainit na tsaa o mainit na kape. Ngunit ang tubig na nagmumula sa balon ng Laodecia ay maligamgam, hindi nakakaginhawa, kundi nakakapagpasakit at masamang pakiramdam kapag ininom mo ito, at dito sinasabi ni Jesus sa kanila na ikaw ay hindi epektibo sa pagbibigay ng mensahe at sa paggawa ng ministerio. Wala kang epekto ng malamig na tubig sa Tag-init o epekto ng mainit na tubig sa tag-lamig. Hindi ka mabisa dahil ikaw ay maligamgam at kaya nman sinasabi ni Jesus sa kanila na isusuka Niya sila mula sa Kanyang bibig.

Sinasabi ni Jesus sa kanila, na ang Salita ng Dios at nag mensahe na lumalabas mula sa kanilang bibig ay nakakasuka sa Kanya. Nang ipinakilala ni Cristo ang Kanyang sarili sa simbahang iyon sinabi Niya sa kanila, ***"Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios:" (Pahayag 3:14 KJV)*** Sila'y hindi tapat sa mensahe na ibinibigay nila sa mga tao na nakapalibot sa kanila. Sila'y hindi tapat para kay Cristo sa pagbibigay ng tama at ang epektibong aral na nais ni Cristo na ipangaral nila.

Ang kahulugan ng Laodecia ay karapatan ng mga tao, o demokrasya, sa isang salita, ang mga tao ay may kalayaan na pumili at gawin kung ano nais nilang gawin. Ngayon sa mga simbahan, gusto ng mga tao ang demokrasya, na ikaw ay malayang ipahayag at ipamuhay ang iyong saloobin; na gawin mo kung anong gusto mo at kung anong ibig ng iyong puso, at ang mga taong nakapalibot sa iyo ay dapat hikayatin at suportahan ka. Ngunit wala tayong makikitang ganoon sa Kasulatan sa Bibliya. Totoo na may mga karapatan at pribilehiyo ngunit mayroon ding mga pananagutan at tungkulin, sapagkat walang demokrasya sa Kasulatan.

Gayundin mauunawaan natin mula sa salitang maligamgam, na sila'y nagkunwaring papuri sa mga mananampalataya, relihiyon, at kaugalian. Mali ang tinatawag na doktrina ng pag-ibig, na kailangan ninyong mahalin ang lahat at sumunod sa lahat, makisimpatya sa lahat, na ang lahat ay tama sa paraan ng pamumuhay niya; lahat ay tama, at iyan ang kanyang kalayaan; at tama ang bawat paniniwala, at hindi natin dapat galitin ang mga tao, ito ang tinatawag na Demokrasya, ngunit hindi iyon umiiral sa Salita ng Diyos.

Si Pablo nang siya'y nagsalita sa simbahan sa Filipos, sinalita niya sa kanila ang sumusunod tungkol sa kanyang anak sa pananampalataya si Timoteo na hindi niya hinahanap ang kanyang sarili kundi ang mga bagay ng Dios: ***"19 Datapuwa't inaasahan ko sa Panginoong Jesus na suguing madali sa inyo si Timoteo, upang ako naman ay mapanatag, pagkaalam ko ng inyong kalagayan. 20 Sapagka't walang taong katulad ko ang pagiisip na magmamalasakit na totoo sa inyong kalagayan. 21 Sapagka't pinagsisikapan nilang lahat ang sa kanilang sarili, hindi ang mga bagay ni Jesucristo. 22 Nguni't nalalaman ninyo ang pagkasubok sa kaniya na gaya ng paglilingkod ng anak sa ama, ay gayon naglilingkod siyang kasama ko sa ikalalaganap ng evangelio. 23 Siya nga ang aking inaasahang suguin madali, pagkakita ko kung ano ang mangyayari sa akin:" (Filipos 2:19-23 KJV)*** Ang mga tao ay may tiyak mga opinyon at tiyak na mga hilig na wala sa Bibliya, pagkatapos ikaw ay lumapit at ibinigay sa kanila ang salita na sumasabay sa kanilang mga damdamin at kung anong nais nila, ngunit iyon ay hindi tama, dahil kinuha mo ang karapatan ng Dios at sinira ang Salita ng Dios upang paluguran ang mga tao. Ang simbahang iyon ng Laodicea ay nakikipagkasundong simbahan at kompromisong simbahan. Ang gayong simbahan nais nilang pasiyahan ang lahat, nais nilang lumayo sa mga kaguluhan, at ang lahat dapat ay masaya, kaya ang Salita ng Dios ay ibinigay sa maling paraan upang paluguran ang mga tao, at kaya naman sila'y hindi tapat sa tawag ng Dios, sila'y hindi makatotohanan sa Panginoon ayon sa Kanyang Salita, at sila'y hindi mga saksi tungkol kay Cristo sa tamang paraan.

Ang sulat ni Jesus sa simbahang ito ay nakatukoy sa paraang ito ***"14 At sa anghel ng iglesia sa Laodicea ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios:" (Pahayag 3:14 KJV)*** Idinugtong Niya ang simbahan sa katangian ng mga taga-Laodecia, naghahanap ng demokrasya, o karapatan ng mga tao at hindi sa lugar ng simbahan sa Laodecia gaya ng ginawa niya sa ibang mga simbahan sa Epeso, Pergamos, Filadepia, atbp. Parang sinasabi Niya ang tungkol sa simbahang iyon, *ang simbahan ng demokrasya';* iyon ang kamalian sa simbahang iyon; na kinupkop nila ang makasalanang kalikasan ng mga tao na namumuhay sa dakong iyon, na ginagawa nila kung anong maibigan nila at nakikisabay sa kanila, ngunit salungat kay Cristo at sa Kanyang Salita. Pinapayagan nila at isinulong ang kasinungalingan, Sasabihin nila na kailangan nilang sumunod sa mga tuntunin ng lupa. Halimbawa ang mga bata ay hindi dapat paluin kahit na sila'y may ginawang mali. Ang solong mga magulang ay maari mag-asawa dahil ipinapahintulot ng pamahalaan, at kailangan nating sumunod sa mga tuntunin ng lupa. Ginagamit nila ang Salita ng Diyos na nababagay sa kanilang mga kasinungalingan. Maraming salaysay ang ganyan at maari mong idagdag.

Hiniling ni Apostol Pablo sa simbahan ng Epeso na ipanalangin siya, ***"19 At sa akin, upang ako'y pagkalooban ng pananalita sa pagbubuka ng aking bibig, upang ipakilalang may katapangan ang hiwaga ng evangelio, 20 Na dahil dito ako'y isang sugong natatanikalaan; upang sa ganito ako'y magsalita na may katapangan***

***gaya ng nararapat na aking salitain." (Epeso 6:19-20 KJV)*** na bigyan siya ng Panginoon ng Salita na kapag ibinuka niya ang kanyang bibig ay may katapangan niyang ipangaral at ipakilala ang hiwaga ni Cristo na siya ay natatanikalaan, na kapag ibinuka niya ang kanyang bibig dapat niyang salitaan nang may katapangan ang kailangan niyang sabihin, kahit pa ang mga tao ay magalit. Kapag ibinigay natin ang Salita ng Dios hindi natin ibinibigay to upang pakunwaring purihin ang mga tao. Ang simbahan sa Laodecia ay kunwaring magpapuri sa mga tao mula sa ibang relihiyon; sila mapagkunwaring magpapuri sa mga taong iba-iba at maging sa maling pananampalataya. Pinapakunwaring papurihan nila ang mga ito upang magkasundo sila sa isa't isa at magkakaroon sila ng karaniwan at magkakasamang benepisyo sa isa't isa, ngunit hindi tama iyon. Ginagawa nila ang lahat para mapanatili ang pakikipagkaibigan sa mga tao at hindi para makasakit ng damdamin ng sinuman. Kailangan nating ibigay ang Salita sa tamang paraan. Sinabi rin ni Pablo kay Timoteo: ***"3 Sapagka't darating ang panahon na hindi nila titiisin ang magaling na aral; kundi, pagkakaroon nila ng kati ng tainga, ay magsisipagbunton sila sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling mga masasamang pita; 4 At ihihiwalay sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at mga ibabaling sa katha." (2 Timoteo 4:3-4 KJV)*** Kaya dito ang Salita ng Dios na lumalabas mula sa simabahan ng Laodecia ay may pakikipagkompromiso, mapakunwaring mapagpuri sila sa mga tao at ibibigay ang mensahe ayon sa kung anong nais marinig ng mga tao at hindi ayon sa kalooban ng Dios at hindi ayon sa Dios, sa Banal na Espiritu, na sasabihin ng mga lingkod ng Dios na ipangaral kung ano ang dapat marinig ng mga tao

Si Jesus ay ang Amen, ang tapat at ang totoong saksi: ***"Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Siya Nawa, ng saksing tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios:" (Pahayag 3:14 KJV) **** Kaya't kapag ibinuka natin ang ating mga bibig upang salitain hayaang magalit ang mga tao sa atin, lumaban sa atin, magalit sa atin, at iyon ay mas mabuti kay sa pagmapuri, makikompromiso at maging maligamgam sa pagbibigay ng maligamgam at hindi tapat na salita na hindi makalulugod sa Dios at magdudulot sa ating ng ministeryo na walang bunga, mga taong walang pagsisisi at walang kaligtasan at sa huli'y isusuka tayo mula sa bibig ng Panginoon. * Kung magpapatuloy ka sa isang uri ng ministeryo na ayaw mong magalit sa iyo ang mga tao, ang Panginoon ay hindi malulugod sa iyo at isusuka ka Niya mula sa Kanyang bibig.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Kung nais mo ng ganoong uri ng paglilingkod at ministerio, na ang mga tao ay hindi magagalit sayo at hindi ka dapat kamuhian, sa gayong ministerio magagalit ang Panginoon sa iyo na Siyang Lumalang. Si Adam ang unang taong nagdala ng kasalanan sa buong sanglibutan at nagdala ng kamatayan, ngunit ang Panginoong JesuCristo, ang pangalawang Adam, na nagdala ng buhay, dumating sa atin, dala-dala ang biyaya ng Dios, nagtagumpay sa kasalanan at ibinigay sa atin ang walang hanggang buhay. Kaya kailangan nating paglingkuran Siya, kailangan nating mag-evangelio at ibigay ang Salita ng Dios at maging isang tapat at totoong mga saksi at patunay sa Salita ng Dios at kay Jesus. Kaya't kailangan nating paglingkuran Siya, kailangan nating mag-evangelio at ibigay ang Salita ng Dios at maging isang tapat at totoong mga saksi at makatotohanan sa Salita ng Dios at kay Jesus. Kaya't tayo'y magsisi sa lahat ng ating mga pakikipagkompromiso, pagpapapuri, demokrasya, at pagkikipagkasundo, at lumapit sa Panginoon at matapang na salitain ang mensahe sa paraang nais Niyang ipangaral natin.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na nabuhay na maguli sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na itinuro sa akin ang iyong mga daan at ipinakita sa akin ang aking mga kasalanan at ang aking mga kahinaan sa ministerio.*

*Lumapit sa Panginoon at ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikuran ang lahat ng mga pakikipagkompromiso at pagpapapuri, takot sa tao, kawalan ng pagtitiwala sa Dios at hindi tapat at demokrasya sa buhay at ministerio. Panginoon patawarin mo ako sa mga kasalanang ito ____________________. Tinatalikuran ko ang lahat ng mga ito sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa Kasulatan at maglingkod sa yo nang may kasigasigan ng walang pakikipagkompromiso at sa paraang idenidekta ng iyong Salita.*

*Panginoo salamat sa iyo para sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at binago ang kanilang mga landas. Panginoon tulungan mo silang matupad ang kanilang ipinangako sa iyo, at gawin ang tama ayon sa iyong kalooban at sa iyong Salita.*

*Panginoon kami'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na sumunod sa iyong kalooban at mapasa inaasahang antas ng pangako na nais mo mula sa amin. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin gaya ng pagpapatuloy namin at paglingkuran ka. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu na yumaon at ipahayag ang mga kababalagahan ng Dios sa lahat ng mga bansa at sa mga taong nakapalibot sa atin. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 65. Ang Sulat ni Jesus sa sa simbahan ng Laodecia Yugto 1. Pahayag 3 :14-22. Mga Gawa 19 :10. Colosas 4 :12-13, 16. 2 Corinto 1:18-20. Hebreo 3:1-6. Juan 1:18. Colosas 1:15-17. Filipos 2:19-23. Epeso 6:19-20. 2 Timoteo 4:3-4.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com